

PAHAYAG SA PRESS

Mayo 12, 2021

Kontak: Joe Ambrosini, Director ng Human Resources, 562.570.6140,

Joe.Ambrosini@longbeach.gov

Para sa Agarang Release

Itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod si Meredith Reynolds bilang Special Deputy City Manager for Recovery

Long Beach, CA – Ngayon, inihayag ng Tagapamahala ng Lungsod na si Tom Modica ang pagkakatalaga ni Meredith Reynolds sa bagong posisyon bilang Special Deputy City Manager for Recovery, na mamumuno sa mga pagsisikap ng Lungsod na ipatupad ang [Long Beach Recovery Act](#) na pondohan ang iba't ibang inisyabitibong pangkabuhayan, pampublikong kalusugan at pananalapi na malubhang naapektuhan ng pandemyang COVID-19.

“Si Meredith ay naging mahalagang asset sa ating pangkat ng pamumuno sa Lungsod, at patuloy na nagpapakita ng mahuhusay at makabagong paraan sa pampublikong pamamahala, na sinisigurado ang pinakamabuti para sa mga nakatira, nagtatrabaho at bumibisita sa ating lungsod,” sabi ni Tagapamahala ng Lungsod na si Tom Modica. “Ang kanyang pagiging propesyunal at masidhing damdamin para sa serbisyo sa publiko ay malinaw, at may kumpiyansa ako na uunlad ang Recovery Act ng Long Beach sa ilalim ng kanyang pamumuno.”

Bilang Special Deputy City Manager for Recovery, pamamahalaan ni Bb. Reynolds ang lahat ng aspeto ng pagpapatupad para sa inaprubahang \$234-milyong Recovery Act ng Long Beach. Pamumunuan niya ang isang nakatuon na pangkat na nakatalaga sa loob ng Opisina ng Tagapamahala ng Lungsod at pamamahalaan ang lahat ng kaugnay na pagsisikap sa pagtugon ng Lungsod, kabilang ang pakikipag-ugnayan sa mga programa ng Kagawaran ng Lungsod, outreach at mga komunikasyon, mga oportunidad sa aplikasyon para sa grant, at ang paghahatid ng mga pondo at serbisyo sa mga residente, negosyo at manggagawa ng Long Beach na malubhang naapektuhan ng pandemya.

“Ikinararangal kong mapili na mamuno sa mahahalagang pagsisikap sa pagbangon ng kabuhayan ng Long Beach, na kritikal sa marami sa ating komunidad,” sabi ni Reynolds. “Isa itong hindi kapani-paniwalang mahalagang pagkakataon para makibahagi sa ating mga pagsisikap sa pagbangon at suportahan ang aking komunidad sa matatag na mas pinabuting pagbangon muli.”

Si Bb. Reynolds ang kasalukuyang Tagapamahala ng Kawanihan ng Pagpapalano at Partnership ng Parke para sa Kagawaran ng Mga Parke, Libangan at Marine at itinalaga kamakailan sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao kung saan binuo niya ang programa

sa pagsusuri ng COVID-19, na nakagawa ng halos kalahating milyong pagsusuri mula noong nagsimula ng pandemya. Nagsilbi siya noon bilang Opisyal ng Pagpapaunlad ng Parke ng Long Beach, Tagapamahala ng Mga Serbisyo sa Komunidad at Tagapangasiwa ng Mga Programang Pangkalikasan para sa Lungsod ng Irvine, at Sustainability Coordinator sa Office of Sustainability ng Long Beach.

Dala ni Bb. Reynolds ang 15-taong karanasan sa pamamahala ng komunidad at staff, disenyong nakatuon sa user, pagbuo ng relasyon at mga partnership, strategic planning, pagsusulat at pagba-badyet ng grant, pagpapalano ng paggamit ng lupa, at pamamahala ng proyekto sa mga larangan ng mga serbisyo sa komunidad, mga parke at libangan, pagpapanatili, at pamamahala sa pampublikong sektor sa ilang pinaka magkakaiba, mabuting pinatatakbo, at may gawad na mga lungsod sa California.

Si Bb. Reynolds ay may titulong masters sa Public Policy and Management mula sa Carnegie Mellon University at may titulong bachelor sa Public Administration na may minor sa Organizational Communication mula sa California State University, Chico. Nakatanggap din siya ng Certificate sa Advanced Public Engagement mula sa Davenport Institute sa Pepperdine University, isang alumnus ng Coro Fellowship Program sa Public Affairs, at miyembro ng racial equity cohort na bumubuo ng mga kakayahan para sa pag-usad ng mga pagsisikap sa racial equity sa pamahalaan, mula sa Government Alliance on Race and Equity.

Si Nancy Villasenor, ang kasalukuyang nagsisilbi bilang Capital Projects Coordinator para sa Kagawaran ng Gawaing-bayan, ang papalit bilang Tagapamahala ng Kawanihan ng Pagpapalano at mga Partnership ng Parke kapag nagsimula na si Bb. Reynolds sa kanyang bagong tungkulin bilang Special Deputy City Manager for Recovery.

###